2008 na Edisyon

# Unawain ang SSI: Sitwasyon ng Paninirahan



## Ang halaga ba ng SSI na makukuha ko ay maaapektohan ng kung saan ako nakatira?

Oo, maaari itong maapektohan. Kung nakatira ka sa iyong sariling lugar, iyo man ito o inuupahan mo man ito, maaari mong makuha ang pinakamalaking halaga ng SSI na mababayaran sa iyong Estado.

Maaari mo rin makuha ang hanggang pinakamalaki kung nakatira ka sa tahanan ng iba basta binabayaran mo ang gastos sa iyong pagkain at shelter. Kung nakatira ka sa tahanan ng iba at hindi mo binabayaran ang iyong gastos sa pagkain at shelter o nagbabayad ka lamang ng bahagi ng iyong pagkain at shelter, maaari naming bawasan ang iyong benepisyo sa SSI nang hanggang **uno–ikatolo** ng rate ng benepisyo sa SSI Federal.

## Naaapektohan ba ng aking mga pang-araw-araw na gastos ang aking benepisyo sa SSI?

Sa pangkalahatan, sila'y hindi naaapektohan. Ang iyong benepisyo sa SSI ay depende sa iyong **kita**—hindi sa iyong mga gastos. Gayunman, kung may ibang tumulong sa iyo sa pagbayad ng iyong mga pang-araw-araw na gastos, tingnan ang ibaba.

## Paano kung may ibang tumulong sa pagbayad ng aking mga pang-araw-araw na gastos?

Maaari naming bawasan ang iyong benepisyo sa SSI para sa anumang pagkain o shelter na nakukuha mo sa iba at na hindi mo binabayaran. Gayunman, hindi namin babawasan ang iyong mga benepisyo kung ang iyong asawa na kasama mo sa tahanan ang nagbibigay ng mga bagay na ito. At kung ikaw ay isang batang menor-de-edad, hindi namin babawasan ang iyong mga benepisyo kung ang isang magulang o ang mga magulang na kasama mo sa tahanan ang nagbibigay ng mga bagay na ito.

Mayroong limit sa kung magkano ang maaari naming isama sa pagkalkula. Ang limit ay humigit-kumulang sa **uno–ikatolo** ng pinakamalaking halaga ng Federal SSI na mababayaran para sa isang buwan.

Ang mga bagay na natatanggap mo at na hindi mo magagamit para sa pagkain o shelter ay hindi namin ituturing na **kita**. Halimbawa, kung may taong bumili para sa iyo ng isang pantahanan o personal na bagay, tulad ng isang maliit na kitchen appliance o isang piraso ng alahas na katamtaman ang halaga, hindi namin babawasan ang iyong benepisyo sa SSI.

## Paano naman ang mga taong nasa mga institusyon?

Sa pangkalahatan, ang mga taong nakatira sa mga institusyon, tulad ng mga ospital, nursing homes, mga preso o mga bilangguan ay hindi kwalipikado para sa mga benepisyo sa SSI o kwalipikado lamang para sa pinakamalaking halaga na $30 isang buwan (dinaragdagan ng ilang mga Estado ang $30 benepisyo na ito).

Gayunman, mayroong ilang mga eksepsyon. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa isa sa mga eksepsiyong ito, mangyaring tingnan ang SSI Spotlight sa **Patuloy na mga Benepisyo sa SSI para sa mga Taong Pansalamantalang Nasa Isang Institusyon**.

## Paano naman ang homeless (walang tahanan)?

Ang pagkakaroon ng permanenteng tirahan ay hindi isang pangangailangan upang makatanggap ng mga benepisyo sa SSI. Kung ikaw ay homeless, maaaring matanggap mo ang hanggang pinakamalaking halaga ng SSI na mababayaran sa iyong estado. Bukod dito, kung ikaw ay tumatanggap ng mga benepisyo sa SSI, maaaring makakuha ka ng permanenteng housing (pabahay).

Kung ikaw ay nakatira sa isang pampublikong shelter, makakatanggap ka ng mga benepisyo sa SSI nang hanggang **anim na buwan** sa anumang **siyam na buwan** na nakatira ka doon. Para sa karagdagang impormasyon kung ikaw ay homeless, mangyaring tingnan ang SSI Spotlight sa **Homelessness (Kawalan ng Tahanan)**.